American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-560-575
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Ang Mundo ni Lola Basyang: Ang Pagsusuri sa Kasariang Representasyon sa mga Piling Maikling Kwento ni Severino Reyes

Reyxylee G. Imbang[1] | Linagyn G. Cubio, MEAL[2]
[1](Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology, Philippines)
[2](Master of English in Applied Linguistics, Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology, Philippines)

**ABSTRAK:** Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang representasyon ng kasarian sa mga piling maikling kwento ni Severino Reyes upang maunawaan ang epekto nito sa pananaw ng mga mambabasa hinggil sa gender roles at pagkakapantay-pantay. Gumamit ang mananaliksik ng labindalawang (12) maikling kwento ni Severino Reyes bilang batayan ng pagsusuri. Sa pamamagitan ng diskursibong pagsusuri, natukoy ang mga paraan kung paano inilalarawan ang kasarian sa panitikan at ang mga implikasyon nito sa kamalayan ng lipunan. Sinuri sa pag-aaral ang representasyon ng kasarian sa labindalawang maikling kwento ni Severino Reyes at lumitaw ang paulit-ulit na tradisyonal na paglalarawan. Kadalasang inilalarawan ang kababaihan bilang masunurin at emosyonal, habang ang kalalakihan ay makapangyarihan at dominante. Natukoy ang pitong proseso ng representasyon at apat na anyo ng pagkiling, kabilang ang istereotipikal na gampanin, hindi pantay na bisibilidad, at pagkakasunod-sunod ng pagbanggit ng mga tauhan. Bagama't pantay ang bokasyong inilalarawan, nanatili ang mga stereotype. Ipinapakita ng mga natuklasan ang kahalagahan ng mas inklusibong panitikan sa edukasyon at ang papel nito sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa lipunan.

***Mga Susing Salita –*** *kasarian, representasyon, panitikan, pagkakapantay-pantay, maikling kwento, Severino Reyes*

## I. INTRODUKSYON

Ang panitikan ay anumang uri ng nasusulat o sinasalitang akda na naglalaman ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, o kwento ng tao. Maaari itong maging makatotohanan o kathang-isip at likha para magbigay-aral, aliw, o maghatid ng mensahe. Mula rito, ang pag-iral ng *gender inequality* at *stereotyping* sa kontekstong ito ay nagdudulot ng epekto sa pananaw ng tao ukol sa isyu ng kasarian. Karaniwang inuugnay ang mga terminong 'mahina', 'maamo', at 'maganda' sa mga kababaihan, habang ang mga salitang tulad ng 'pamumuno', 'kapangyarihan', 'lakas', at 'politika' ay inilalapat sa mga kalalakihan sa isang teksto (Garzon, 2019; Kejriwal & Nagaraj, 2022).

Sa Africa, makikita sa mga akdang pampanitikan ang tradisyonal na paniniwala o *stereotyping* patungkol sa mga papel ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan. Karaniwang inilalarawan ang mga kababaihan bilang mga taong umaasa sa iba, habang ang mga kalalakihan naman ay inilalarawan bilang bayani ng kwento. Dahil dito, naipagpatuloy ang ganitong paglalarawan sa mga papel at katangian ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan. Hanggang sa kasalukuyan, ang ganitong stigma sa depinisyon ng kababaihan ay nagkaroon ng epekto sa kanilang kalagayan at katayuan sa lipunan (Kimario, 2021).

Sa panitikang Pilipino, makikita ang mga *stereotype* sa mga naratibo ng ika-21 siglo, kung saan mas marami ang negatibong *stereotype* na iniuugnay sa mga kababaihan kumpara sa mga kalalakihan. Ipinapakita nito ang patuloy na pakikibaka para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, na sa kabila ng mga inisyatiba ng gobyerno at lumalaking kamalayan ng mga Pilipino tungkol sa gender equality, nananatili pa rin ang mga isyung may kinalaman sa kasarian. Pinalalakas ng mga stereotype na ito ang mga tradisyonal na gampanin ng kasarian, na nagiging sanhi ng patuloy na marginalisasyon ng mga kababaihan sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ang pagpapatuloy ng mga bias na ito sa panitikan ay sumasalamin sa malalim na nakatanim na mga pamantayang panlipunan na patuloy na humahadlang sa tunay na pagsulong tungo sa inklusibidad ng kasarian (Casil-Batang, 2021).

Dahil dito, ang pananaliksik sa pagsusuri ng representasyon ng kasarian sa ilang piling maikling kwento ay mahalaga upang matukoy ang mga pangunahing konsepto sa pagbuo ng mga tauhan at masuri ang mga posibleng anyo ng diskriminasyon batay sa kasarian. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pagkiling at

pagkukulang sa paglalarawan ng kasarian sa akda, nais nitong ipakita ang pangangailangan ng makatarungan at balanseng representasyon sa panitikan. Ang pag-aaral na ito ay may malaking kahalagahan sa pagbabago ng balangaks ng pagsusulat sa panitikan upang maisulong ang diwa ng pagkapantay-pantay at angkop na paghubog sa mga tauhan, na nagsisilbi ring plataporma upang maitaguyod ang pag-unawa sa kasarian at ang kahalagahan ng pagkapantay-pantay sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay at ugnayan sa Lipunan. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ito ng panlipunang kabuluhan dahil tumutulong ito sa pagbuwag ng mga nakagisnang estereotipo at nagbibigay-daan sa mas inklusibong pananaw na nagsusulong ng katarungan, respeto, at dignidad para sa lahat ng kasarian.

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa isyung panlipunan ukol sa iba't-bang representasyon sa iba't ibang aspekto ng lipunan, kasama ang mga disadbentahe at diskriminasyon na nararanasan ng mga kasariang napagsasamantalahan dahil sa isyung ito. Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa isyung panlipunan ng representasyon ng kasarian sa panitikan, partikular ang diskriminasyon at disadbentahe sa mga kasariang madalas napagsasamantalahan.

Ang pagkaagarang pagsasaliksik na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa mga manunulat, guro, at mag-aaral ng panitikan. Maari itong magbigay ng gabay sa paglikha ng mga akdang may mas makatarungan at balanseng representasyon ng kasarian, na nagtataguyod ng pag-unawa at pagtanggap sa pagkakaiba-iba. Ang mga resulta ng pag-aaral ay maari ring magamit sa mga programa sa edukasyon sa panitikan at sa mga kampanya para sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa Lipunan. Upang maipalaganap ang resulta ng pag-aaral, ito ay ilalahad sa mga seminar at kumperensiya, ilalathala sa mga journal, at ikakampanya sa mga paaralan at online platforms katuwang ang mga organisasyong nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng pagsusuring ito na suriin kung paano ipinapakita ang kasarian sa mga piling maikling kwento ni Severino Reyes. Tinutukoy dito ang mga paraan ng pagbuo at paglalarawan ng mga karakter na babae at lalaki, pati na rin ang mga ideya at *stereotypes* na kaugnay ng kanilang kasarian. Sa pagsusuri ng mga kwento, nais ng pag-aaral na tuklasin kung paano ipinapakita ni Reyes ang mga tradisyunal na pananaw at pagtingin sa kasarian, at kung paano ito nakakaapekto sa mga mambabasa noong panahon ng kanyang pagsusulat. Inaalam din kung paano ang representasyon ng mga karakter na babae at lalaki ay naglalarawan ng mga papel na itinakda ng lipunan para sa bawat kasarian.

Ang pagsusuri ay magbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa representasyon ng kasarian sa mga akda ni Reyes at kung paano ito nakakatulong o nakasasama sa pagpapalaganap ng mga kaisipang tradisyonal tungkol sa *gender roles*. Bukod dito, sisiyasatin kung paano ang mga ideyang ito ay may epekto sa kultura at lipunang Pilipino, at kung paano ang mga akdang ito ay nagsisilbing salamin ng panahon at ng mga pananaw ng kanyang mga mambabasa. Sa ganitong paraan, magiging mahalaga ang pagsusuri hindi lamang sa mga akda ni Reyes, kundi pati na rin sa pag-unawa sa kasaysayan ng representasyon ng kasarian sa panitikan ng Pilipinas.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang mga prosesong ginagamit sa paglalagay ng mga karakter na lalaki at babae sa mga maikling kwento ni Lola Basyang?
2. Ano ang mga pagkiling sa kasarian na matatagpuan sa mga maiikling kuwento ni Lola Basyang?

## II.METODO

**Disenyo ng Pag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong disenyo na nakatuon sa diskursong pagsusuri. Ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa pag-*explore*, pagsusuri, at pagpapakahulugan sa mga puna upang matukoy ang mga pangunahing kahulugan at ugnayan, kabilang ang pag-classify ng mga uri ng pangyayari at entidad, nang hindi gumagamit ng mga disenyong pangmatematika (Krathwohl, 2009).

Ang kwalitatibong disenyo ay ginamit sa ginawang pag-aaral upang maunawaan ang mga salik na nasasangkot sa paraan ng pagkakarepresenta ng kasarian sa loob ng piling maikling kwentong sinuri na may malaking implikasyon sa panlipunang estado ng usaping pagkapantay-pantay at kasarian. Kaugnay rito, ang paglikom ng mga datos ay manggagaling sa mga piling maikling kwento na ginamit bilang korpora o materyal ng pag-aaral sa paraang pagsusuri. Ito ay taliwas sa proseso ng paglikom ng datos ng kwantitatibong pag-aaral kung saan gumagamit ito ng mga resulta mula sa sarbey o numeric na mga datos.

**Materyal sa Pananaliksik**

Ang korporang ginamit sa pag-aaral ay ang mga piling maikling kwento ni Severino Reyes (2005). Ang mga napiling maikling ito ay pinamagatang Ang Dragon sa Ilog ng Kingwa, Ang Hari sa Bundok na Ginto, Ang Ilog Telebeng, Ang Karosang Ginto, Ang Plawtin ni Periking, at iba pa. Ang mga kwentong ito ay nailimbag sa Tahanan Publishing, Inc. na binubuo ng koleksyon ng kaning mga maikling kwento nasulat. Kilala si Severino Reyes bilang tanyag na manunulat ng Pilipinong literatura. Ang kanyang mga gawa ay hindi lamang nagpayaman

sa panitikan ng mga bata sa Pilipinas, kundi pati na rin sa larangan ng entablado, kung saan siya ay naging mahalagang bahagi ng pag-unlad ng dulaing Pilipino.

Ang kwalitatibong pag-aaral ay nangangailangan ng hindi bababa sa apat (4) kasangkapan para magsilbing batayan sa pagkuha ng datos. Kaya naman, ang mananaliksik ay pumili ng labindalawang (12) maikling kwentong isinulat ni Severino Reyes mula sa kanyang aklat serye na Ang mga Kwento ni Lola Basyang na nailimbag sa mga taong 2004-2011 (Clarke at Braun, 2013).

Kaugnay nito, gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling technique sa pagpili ng mga tekstong ginamit sa pagkuha ng datos, batay sa mga pamantayan at kaangkopan ng teksto bilang korpora ng pag-aaral. Ang *purposive sampling technique* ay isang paraan ng partikular na pagpili ng mga kasangkapan para sa datos dahil sa mga katangian na taglay nito. Ito ay hindi isang random na pamamaraan ng pagpili at hindi nangangailangan ng batayang teorya o nakatalagang bilang ng kalahok. Sa madaling salita, ang mananaliksik ang nagdedesisyon kung paano at ano ang magiging batayan sa paghahanap ng mga mapagkukunan ng datos (Patton, 2002).

Bilang tugon sa sampling technique na ginamit sa pag-aaral, ang mananaliksik ay bumuo ng mga pamantayan upang matiyak na ang mga tekstong ginamit ay angkop. Sa pagpili ng aklat bilang kagamitan sa pag-aaral, sinunod ng mananaliksik ang mga sumusunod na pamantayan: a) kinakailangan na ang akda ay isang maikling kwento; b) na ang mga maikling kwento ay isinulat ni Severino Reyes; c) na ang mga akda ay nakasulat sa wikang Filipino.

**Paglikom ng Datos**

Sa paglikom ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga batayang pamamaraan sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang kalidad ng isang kwalitatibong pag-aaral ay nangangailangan ng maingat at kritikal na pagsasaayos. Bilang bahagi ng proseso, ang mananaliksik ay kumonsulta sa kanyang tagapayo bilang paunang hakbang upang suriin at talakayin ang pagpili ng mga maikling kwentong ginamit bilang korpora sa pananaliksik. Matapos ang pag-apruba ngna tagapayo sa mga napiling korpora, kumuha ang mananaliksik ng aprubasyon para sa manuskrito mula sa kanyang tagapayo at kumuha ng *endorsement letter* upang simulan ang proseso ng pagsusuri. Ang manuskrito ay ipinasuri sa tatlong tagapagsuri ng papel pananaliksik upang matasa ang kawastuhan ng pag-aaral (Creswell, 2013).

Bago maapruban ng tatlong tagapagsuri ang manuskrito, isusumite ito sa *Research Office* para sa *ethics review*. Upang makuha ang compliance certification mula sa tagapamahala ng opisina, sisiimulan ng mananaliksik ang paglikom ng mga maikling kwentong susuriin.

Ililikom ang kinakailangang bilang ng korpora, agad na isinagawa ng mananaliksik ang pagsusuri sa mga akda upang mailahad ang mga proseso sa pagpapakita ng representasyon ng kasarian at pagkiling sa representasyon ng kasarian sa loob ng mga tekstong sinuri. Bawat datos na makukuha ay itatala sa isang kwaderno gamit ang masusing balangkas, at pagkatapos ay ililipat sa pamamagitan ng pag-*encode* nito sa laptop para sa paunang pagsusuri. Ang mga naunang pagsusuri ay isinangguni sa isang dalubhasang analyst o tagapagsuri upang masiguro na tama, wasto, at kredible ang mga nakalap na resulta.

Upang masigurong tama at wasto ang mga datos na nakalap, uumpisahan ng mananaliksik ang pagbuo at paghahanay sa Kabanata 3, na naglalaman ng mga resulta at interpretasyon ng pag-aaral.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Sa pag-aanalisa ng datos, gagamit ang mamananaliksik ng ***Eight-Factor Model of Gender Representation*** nina Amerian at Esmaeeli (2014) para ang unang katanungan ng pananaliksik ay binigyang kasagutan sa pamamagitan Ipinakita ng modelong ito kung paano ipapakita ang karakter ng mga kasarian sa mga maikling kwentong sinuri batay sa walong salik: pagkakasali o hindi pagkakasali ng kalalakihan at kababaihan, panlipunang gampanin ng kalalakihan at kababaihan, semantikong gampanin ng kalalakihan at kababaihan, katawagan para sa mga kalalakihan at kababaihan, *masculine generic construction*, pagkasunod-sunod ng paglantad, mga aktibidad na kinasasangkutan ng parehong kasarian, at panlarawang representasyon ng parehong kasarian (Amerian & Esmaeeli, 2014).

Habang ang pangalawang katanungan ng pananaliksik ay binigyang kasagutan sa pamamagitan ng ***Five-Gender Bias Model*** nina Amini at Birjandi (2012). Ipinakita ng modelong ito ang mga pangunahing pagpapakitang pagkiling sa representasyon ng bawat kasarian sa loob ng isang teksto batay sa limang biases o paraan ng pagkiling: bisibilidad ng kalalakihan at kababaihan, pagiging una sa pagkakabanggit, *feminine o masculine generic construction*, aktibidad, at bokasyon.

## III.RESULTA

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga prosesong ginagamit sa mga akda upang maipakita ang representasyon sa kasarian?**

Ang pag-aaral sa representasyon ng kasarian sa mga piling maikling kwento ni Severino Reyes ay nakaangkla sa *Eight-Factor Model* nina Amerian at Esmaeeli (2014), na nagpapaliwanag ng proseso ng representasyon ng kasarian sa pagitan ng mga karakter na babae at lalaki sa isang teksto.

**Talahanayan 1.1**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Pagkakasali o Hindi Pagkakasali**

| Kasarian | *Frequency* | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | 173 | • Si Juan na pinalayawan nilang Saragate, pagkat maliit pa ito'y napakapilyo na at hindi nila masupil. (LB_02)<br>• Di naman naglaon ay dumating sa palasyo ng Hari ng Bundok na Ginto si Juan Saragate. (LB_02)<br>• "Subalit ang sagot palang iyon ay isang panlilinlang lamang kay Periking." (LB_05)<br>• Si Kaliskis ay tumapang, nawala ang takot, at dinukot sa loob ng lalamunan ng sawa ang tila malaking batong brilyan-tengkumikinang. (LB_08)<br>• Si Haring Kalimbas ay kinatatakutan ng lahat ng hari dahil sa kaniyang kalupitan. (LB_08) |
| Babae | 57 | • Ang Reyna Tik-Hay na pagkaganda-ganda at kay inam ng gayak ay may kasamang anim na abay na magagandang dama. (LB_02)<br>• Nagsimula na noon ang malagim na kalbaryo ni Tisya. (LB_03)<br>• Si Tisya'y lagi na lamang tumatawag sa Mahal na Birhen, walang oras na di nananalangin. (LB_03)<br>• Si Sharay ay napaka-ganda at marahil ay pinakamaganda sa lahat ng babae. (LB_10)<br>• "Ang sumunod na dumating ay ang prinsesa sa Kanluran kasama ang kaniyang mga abay." (LB_12) |

**Talahanayan 1.2**
**Represenstasyon sa Pamamagitan ng Panlipunang Gampanin**

| Kasarian | Representasyon ng Gampanin | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | Tagapagpamuno | • “Hindi maaari!” sigaw ni Kapitang Bestre. “Hindi ako makapapayag. Kung talagang ibig ni Santiagong mawalan ako ng anak na dalaga ay huwag lamang mamatay nang uhaw ang irog kong bayan!” (LB_01) |
| | Manliligaw | • “Takang-taka ang mag-asawa kung bakit si Saragate ay walang kahilig-hilig sa panliligaw sa kaniyang mga kababayan.” (LB_02) |
| | Tagapagtustos sa pamilya | • “Ibig kong makatuklas ng mga kayamanan. Biro mo ang ginhawa nating tatamuhin kung ako’y makatuklas ng mga ginto!” (LB_03) |
| | Pinuno | • “Nang maghalalan ng kapitan sa bayan ay inihalal akong kapitan (LB_03) |
| | Gumagawa ng gawaing pansakahan | • “Si Budhi nama’y napakasipag magbungkal ng lupa.” (LB_04) |
| | Bayani/tagapagligtas | • Dahil sa kanyang talino at kabutihang-loob, tinawag si Periking na “bagong Mesiyas” at itinanghal na tagapagligtas. (LB_05) |
| | Tagapagdesisyon sa lipunan | • “Susubukin ko ang kaniyang katalinuhan. Makikilala ko kung siya’y karapat-dapat na maging manugang ng isang Hari.” (LB_10) |
| Babae | Tagasalok ng tubig | • “Sa bayan ng Kingwa ay kinagawian ng mga dalaga ang pagtangad, o pagsalok ng kanilang inumin para sa maghapon.“ (LB_01) |
| | Buwis/kapalit | • “Ang bayang Kingwa ay magbuwis taun-taon ng isang dalaga tuwing ikatatlumpu ng Disyembre, at |

| | | |
|---|---|---|
| | | kayo ay makakapagpatuloy sa pagsalok ng tubigsa aking ilog." (LB_01) |
| | Ina | • "Kinuha kaagad ng asawa ang uwing bata at pinasuso." (LB_03) |
| | Gantimpala | • "Nagpahayag ang gobernadora na sinumang bina-tang Filipino na may iniingatang galíng ay ipakakasal niya sa kanyang anak na si Margarita." (LB_05) |

**Talahanayan 1.3**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Semantikong Gampanin**

| Kasarian | Representasyon ng Gampanin | Lebel ng Katayuan | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|---|
| Lalaki | Tagapagligtas/bayani | Mataas | • "Siyang pagsipot ng isang matapang na bayaning mandirigma na nakasakay sa isang makisig na kabayong puti at may hawak na sandata." (LB_01) |
| | Tagapagmana ng trono | Mataas | • "Ito'y tumangging pakasal kay Hunt-Tee-Kuy, ang prinsipeng magmamana ng kaharian sa Tsina." (LB_02) |
| | Tagapagtustos sa pamilya | Mataas | • "Ibig kong makatuklas ng mga kayamanan. Biro mo ang ginhawa nating tatamuhin kung ako'y makatuklas ng mga ginto!" (LB_03) |
| | Masikap/matalino | Mataas | • "Si Loob ay totoong mahilig sa pagtuklas ng mga karunungan." (LB_04) |
| | Tagapag disiplina ng anak | Mataas | • "Ang tamad na anak na si Kaliskis at ang ama niyang si Salim na madalas siyang kagalitan dahil laging pahiga-higa sa sahig ng bahay." (LB_08) |
| | Nag-aalok ng kasal | Mataas | • "Ako po'y si Kaliskis, at ibig ko po'y makaisang-dibdib ang inyong mahal na anak na Prinsesa Tala." (LB_08) |
| Babae | Matapang | Mataas/ hindi naka depende | • "Subalit sa mga naroon ay may isang dalagang matapang at malakas ang loob ang nakapangahas magsalita." (LB_01) |
| | Ina | Mababa/ naka depende | • "Kinuha kaagad ng asawa ang uwing bata at pinasuso." (LB_03) |
| | Tindera | Mababa | • "Si Mafalda nga'y nagkaroon ng isang tindahan sa liwasan. Araw-araw ay binubuksan ang kaniyang tindahan at kaniyangntinatanuran." (LB_06) |
| | Nagmamakaawa | Mababa | • "Ang prinsesa'y nagmakaawa. Niyakap-yakap at hinagkan-hagkan ang kaniyang ama, subalit hindi ito natinag." (LB_06) |
| | Taga-sunod sa utos | Mababa | • "Ikinagagalak ko pong tinanggap ang padala mong ibon, at ako po'y nakahandang tumalima sa iyong utos." (LB_10) |

**Talahayan 1.4**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Katawagang Gampanin**

| Kasarian | Halimbawang Pahayag |
|---|---|
| Lalaki | • At si Diwa nga ang naging matalinong Hari sa Silangan." (LB_04) |
| | • "Nang maghalalan ng kapitan sa bayan ay inihalal akong kapitan." (LB_03) |
| | • "Naupo ang Prinsipe Hunt-Tee-Koy na anak ng emperador ng Tsina." (LB_02) |
| | • "Ang kaniyang anak ng mapapangasawa, ang magiging Prinsipe Konsorte." (LB_06) |
| Babae | • "Subalit ang Reyna Tik-Hay ay hindi natutulog; nais niyang parusahan ang esposo sa pagsuway sa kaniyang tagubilin." (LB_02) |
| | • "Kinuha kaagad ng asawa ang uwing bata at pinasuso." (LB_03) |
| | • "May isang anak na babae na kung tawagin ay Prinsesa Tik-hay na ubod ng ganda." (LB_02) |

**Talahayan 1.5**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Pagkasunod-sunod ng Paglalahad ng Karakter**

| Kasarian | Pagkasunod-sunod ng Paglalahad | *Frequency* | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|---|
| Lalaki | *1st* | 42 | • "Si Umeng at si Tisya'y nagpakasal, at sila'y naging ubod ng yaman." (LB_03) |
| | | | • "Nang malapit na sa kinaluluklukan ng Mahal na Hari at ng Prinsesa Mafalda ay bigla itong umawit." (LB_06) |
| | | | • "Pumaroon siya sa kaniyang biyenang Haring Arkon at kay Tala, na nakakulong sa bilangguan ng kaharian ni Kalimbas." (LB_08) |
| | | | • "Ang Prinsipe Kaliskis na at si Tala ang nagmay-ari ng kaharian." (LB_08) |
| | *2nd* | 9 | • "Sa isang nayong malapit sa ilog ay may nakatirang dalawang angkan ng dalawang magkababata-sina Tisya at Umeng." (LB_03) |
| | | | • "Si Bituin at si Diwa'y namuhay nang maligaya." (LB_04) |
| | | | • "Si Mafalda't si Siano'y nagmahalan sa sandaling iyon ng pagtatapat sa isa't isa." (LB_06) |
| | | | • "Di naglaon ay pinagkaisahan na ng mga ministro na idulog sa dambana ng Diyos ang prinsesa at si Nicolas." (LB_11) |
| Babae | *1st* | 9 | • Kawili-wili ang tubig sa ilog na ito, kaya ang mga bata ay giliw na giliw na nagsisipaglaro rito, at ang mga kabataan naman o kadalagahan at kabinataan ay nagpapalipas-oras dito. (LB_01) |
| | | | • Umaga pa lamang ng araw na iyon ay nag-usap na si Mafalda at si Siano. (LB_06) |
| | | | • Nang makalabas na ang prinsesa, ay muling nagalit ang reyna at hari. (LB_12) |
| | | | • Di naglaon ay pinagkaisahan na ng mga ministro na idulog sa dambana ng Diyos ang prinsesa at si Nicolas. (LB_11) |
| | *2nd* | 42 | • Ang Prinsipe Kaliskis na at si Tala ang nagmay-ari ng kaharian. (LB_08) |
| | | | • Si Umeng at si Tisya'y nagpakasal, at sila'y naging ubod ng yaman. (LB_03) |
| | | | • Nang malapit na sa kinaluluklukan ng Mahal na Hari at ng Prinsesa Mafalda ay bigla itong umawit. (LB_06) |
| | | | • Pumaroon siya sa kaniyang biyenang Haring Arkon at kay Tala, na nakakulong sa bilangguan ng kaharian ni Kalimbas. (LB_08) |

**Talahanayan 1.6**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Aktibidad**

| Kasarian | Representasyon ng Aktibidad | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | Nakikipaglaban | • "Nang marinig ni Saragate ang utos ng emperador na sinang-ayunan ng kaniyang biyenan ay humanda siya sa paglaban. Binunot niya ang itak at lahat ng lumapit ay tinataga niya sa hangin." (LB_02) |
| | Nagbubungkal ng lupa | • Si Budhi nama'y napakasipag magbungkal ng lupa. (LB_04) |
| | Pag akyat ng punong kahoy | • "Si Diwa'y dahan-dahang umakyat sa punongkahoy na kinabibitinan ng sawa." (LB_04) |
| | Naglalaro | • "Isang hapon ay nagpalipad ng saranggola sa tabi ng Ilog Pasig ang dalawang magkakapatid, sina Berto at Tolo." (LB_05) |
| Babae | Nagdadasal | • "Si Tisya'y lagi na lamang tumatawag sa Mahal na Birhen, walang oras na di nananalangin." (LB_03) |
| | Umiiyak | • "Ang ama'y hindi na nakapagsalita ng anuman, pagkat napaluha si Mafalda." (LB_06) |
| | Umaawit | • "Nakangiti pa ang binibini at umaawit." (LB_10) |

**Talahanayan 1.7**
**Panlarawang Representasyon ng Parehong Kasarian**

| Kasarian | *Frequency* | Halimbawang Larawan |
|---|---|---|
| Lalaki | 17 |  |
| | |  |
| | |  |
| | |  |

| | | |
|---|---|---|
| Babae | 8 |  |
| | |  |
| | |  |
| | |  |

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga pagkiling sa kasarian na matatagpuan sa mga maikling kwento ni Lola Basyang?**

Ang pagsusuri sa representasyon ng pagkiling sa kasarian sa loob ng mga maikling kwento ay nakabatay sa Five-Gender Biases Model nina Amini & Birjandi (2012). Sa modelong ito, ang proseso ng pagkiling ay sinusuri batay sa mga konseptong tulad ng bisibilidad, pagiging una sa pagkakabanggit, panlahat na konstruksyon para sa kababaihan at kalalakihan, aktibidad, at bokasyon.

**Talahanayan 2.1**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Bisibilidad**

| Kasarian | *Frequency* | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | 173 | • "Si Juan na pinalayawan nilang Saragate, pagkat maliit pa ito'y napakapilyo na at hindi nila masupil." (LB_02) |
| | | • "Di naman naglaon ay dumating sa palasyo ng Hari ng Bundok na Ginto si Juan Saragate." (LB_02) |
| | | • "Subalit ang sagot palang iyon ay isang panlilinlang lamang kay Periking." (LB_05) |

| | | |
|---|---|---|
| | | • Si Kaliskis ay tumapang, nawala ang takot, at dinukot sa loob ng lalamunan ng sawa ang tila malaking batong brilyan-tengkumikinang. (LB_08)<br>• Si Haring Kalimbas ay kinatatakutan ng lahat ng hari dahil sa kaniyang kalupitan. (LB_08) |
| Babae | 57 | • Ang Reyna Tik-Hay na pagkaganda-ganda at kay inam ng gayak ay may kasamang anim na abay na magagandang dama. (LB_02)<br>• Nagsimula na noon ang malagim na kalbaryo ni Tisya. (LB_03)<br>• Si Tisya'y lagi na lamang tumatawag sa Mahal na Birhen, walang oras na di nananalangin. (LB_03)<br>• Si Sharay ay napaka-ganda at marahil ay pinakamaganda sa lahat ng babae. (LB_10)<br>• "Ang sumunod na dumating ay ang prinsesa sa Kanluran kasama ang kaniyang mga abay." (LB_12) |

**Talahanayan 2.2**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng ng Pagiging Una sa Pagkakabanggit**

| Kasarian | Pagkasunod-sunod sa Pagkakabanggit | Prikwensya | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|---|
| Lalaki | *1st* | 42 | • "Oo, Fidel, at may bangka pang may lulang binata at mga dalaga na makikipamista ang lumubog at nangawala." (LB_01)<br>• "Tatay ko, Nanay ko: Kinuha ko ang kaunting pera upangako'y may mabaon. (LB_02)<br>• "Ang Haring ama ni Mafalda at ang bunsong kapatid na babae ng Haring Teoklesiano ang nagsitayong saksi." (LB_06)<br>• "Noong araw ding iyon ay ikinasal ang prinsipe at prinsesa." (LB_08) |
| Babae | *1st* | 9 | • "May mga bata, matatanda, dalaga o binata, ang kabilang na sa mga nalunod." (LB_01)<br>• "Sa isang nayong malapit sa ilog ay may nakatirang dalawang angkan ng dalawang magkababata-sina Tisya at Umeng." (LB_03)<br>• "Si Bituin at si Diwa'y namuhay nang maligaya." (LB_04)<br>• "Namuhay nang matahimik si Mafalda at si Sianong Mang- aawit sa gitna ng kanilang kahirapan." (LB_06) |

**Talahanayan 2.3**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Aktibidad**

| Kasarian | Representasyon ng Aktibidad | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | Nakikipaglaban | • "Nang marinig ni Saragate ang utos ng emperador na sinang-ayunan ng kaniyang biyenan ay humanda siya sa paglaban. Binunot niya ang itak at lahat ng lumapit ay tinataga niya sa hangin." (LB_02) |
| | Nagbubungkal ng lupa | • Si Budhi nama'y napakasipag magbungkal ng lupa. (LB_04) |

| | | |
|---|---|---|
| | Pag akyat ng punong kahoy | • "Si Diwa'y dahan-dahang umakyat sa punongkahoy na kinabibitinan ng sawa." (LB_04) |
| | Naglalaro | • "Isang hapon ay nagpalipad ng saranggola sa tabi ng Ilog Pasig ang dalawang magkakapatid, sina Berto at Tolo." (LB_05) |
| Babae | Nagdadasal | • "Si Tisya'y lagi na lamang tumatawag sa Mahal na Birhen, walang oras na di nananalangin." (LB_03) |
| | Umiiyak | • "Ang ama'y hindi na nakapagsalita ng anuman, pagkat napaluha si Mafalda." (LB_06) |
| | Umaawit | • "Nakangiti pa ang binibini at umaawit." (LB_10) |

**Talahanayan 2.4**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Bokasyon o Trabaho**

| Kasarian | Representasyon ng Gampanin | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Lalaki | Tagapamuno | • "Nang maghalalan ng kapitan sa bayan ay inihalal akong kapitan." (LB_03) |
| | Tagapagtustos sa pamilya | • "Ibig kong makatuklas ng mga kayamanan. Biro mo ang ginhawa nating tatamuhin kung ako'y makatuklas ng mga ginto!" (LB_03) |
| | Gumagawa ng gawaing pansakahan | • "Si Budhi nama'y napakasipag magbungkal ng lupa." (LB_04) |
| | Bayani/Tagapagligtas | • "Dahil sa kanyang talino at kabutihang-loob, tinawag si Periking na 'bagong Mesiyas' at itinanghal na tagapagligtas." (LB_05) |
| Babae | Tagasalok ng tubig | • "Sa bayan ng Kingwa ay kinagawian ng mga dalaga ang pagtangad, o pagsalok ng kanilang inumin para sa maghapon." (LB_01) |
| | Buwis / kapalit | • "Ang bayang Kingwa ay magbuwis taun-taon ng isang dalaga tuwing ikatatlumpu ng Disyembre." (LB_01) |
| | Gantimpala | • "Nagpahayag ang gobernador na sinumang binatang Filipino na may iniingatang galíng ay ipakakasal niya sa magandang anak na si Margarita. (LB_05) |
| | Tindera | • "Si Mafalda nga'y nagkaroon ng isang tindahan sa liwasan. Araw-araw ay binubuksan ang kaniyang tindahan at kaniyang tinatanuran." (LB_06) |

## IV.DISKUSYON

**Representasyon ng Kasarian.** Sa pagsusuri ng mga piling maikling kwento ni Severino Reyes, lumalabas na may pitong (7) na proseso ng pagpapakitang representasyon ng kasarian: ang pagkakasali at hindi pagkakasali, panlipunang gampanin, semantikong gampanin, katawagang gampanin, pagkasunod-sunod ng pagkakalahad ng mga karakter, aktibidad, at panlarawang representasyon.

Ang **pagkakasali at hindi pagkakasali** ay pagpapakita ng representasyon ng kasarian batay sa bilang ng pangngalan na nauugnay sa karakter ng kababaihan at kalalakihan sa loob ng mga maikling kwento. Ipinakita sa pananaliksik na ang pagkakasali sa mga karakter ng mga kababaihan ay lantad kung ihahalintulad sa mga kalalakihan.

Ayon sa pagsusuri nina Casil-Batang (2021), binigyang-diin nila ang lumalawak na representasyon ng kababaihan sa panitikan sa kasalukuyang panahon. Mababanaag sa mga kontemporaryong maikling kwento ang

mas binibigyang-pansin na paglalarawan sa mga karakter ng kababaihan, na nagsisilbing daan upang maihatid sa mga mambabasa ang isang mas dinamiko at inklusibong pananaw. Ito rin ay naglalayong hamunin ang mga tradisyonal at istereotipong pananaw tungkol sa kasarian, na nagpapakita ng positibong pagbabago tungo sa mas malawak na representasyon sa mga pampanitikang teksto.

Dagdag pa, ang pag analisa ng pag-aaral na ito ay mauugnay sa pag-aaral nila Aley at Hahn (2020) na kapansin-pansin ang pagpapakita ng mga istereotipong tungkulin ng kasarian sa mga poster ng kilalang pelikulang pambata. Natuklasan sa pagsusuri na may labis na pagbibigay-diin sa katauhan ng mga pangunahing lalaking karakter kumpara sa mga babaeng karakter, kung saan madalas inilalarawan ang kalalakihan bilang mas malakas o makapangyarihan. Ang ganitong representasyon ay nag-aambag sa mas malawak at matibay na pundasyon ng pananaliksik tungkol sa paglaganap ng istereotipong pagpapakita ng mga kasarian sa birtuwal na espasyong madalas makita ng mga bata

Ang **panlipunang gampanin** ay nauugat sa trabaho, pampamilyang gampanin, kasuotan, at kakayahang mental at emosyon na sumasalamin sa kabuoang pagpapakita ng istereotipikal na paglalarawan sa kung ano ang inaasahan sa isang indibidwal batay sa kaniyang kasarian. Ipinakita sa pananaliksik na ito na tahasang ipinapakita ang istereotipong pagpapakita ng gampanin ng mga karakter batay sa kasarian.

Maiuugnay ang pag-aaral na to sa pananaliksik nina Donnelly et al (2022) na ang mga hindi akomodatibo at di-inklusibong kapaligirang panlipunan—na pinatatatag ng makalumang estruktura ng kasarian—ay nagiging pangunahing salik sa pag-usbong ng tinatawag na *minority stress*. Ang stress na ito ay hindi lamang pansamantalang emosyonal na sagabal kundi isa ring patuloy na uri ng pisikal at mental na strain na lumilikha ng seryosong banta sa kabuuang kalusugan, kapakanan, at kalidad ng buhay ng mga taong labas sa inaasahang pamantayan ng lipunan ukol sa kasarian

Dagdag pa rito, sa mga kulturang may mababang antas ng pagkakapantay-pantay ng kasarian gaya ng Pakistan, ipinapakita sa pananaliksik nina Channah at Tahir (2020) na ang wika at mga normatibong pagpapahayag ng kasarian ay ginagamit upang palakasin ang hindi balanseng ugnayan ng kapangyarihan sa pagitan ng mga kasarian. Sa pamamagitan ng wika, naipapasa ang mga *stereotype* at diskriminasyon, at ito ang nagsisilbing midyum upang patuloy na maipamalas ang panlipunang gampanin sa paraang limitado lamang sa tradisyonal na pananaw. Ang semantikong gampanin ay nahahanay sa pagkilala sa mga gampanin batay sa lebel ng katayuan ng mga karakter batay sa kasarian, mataas at mababa, hindi nakadepende at nakadepende na sumusukat sa lebel ng gampanin o gawain na iniuugnay sa isang karakter sa loob ng teksto. Lumabas sa pananaliksik na mataas ang katayuan ng karakter ng mga kalalakihan habang mababa, at nakadepende naman ang katayuan ng karakter ng mga kababaihan.

Maiuugnay ang pag-aaral kay Betti al. (2023) sa **semantikong gampanin ng kasarian** sa liriko ng musikang popular, kung saan inilalarawan ang mga karakter batay sa kanilang katayuang panlipunan. Karaniwan, ang kababaihan ay inilalarawan bilang pasibo, emosyonal, at nakatuon sa panlabas na anyo, habang ang kalalakihan ay inilalagay sa mas mataas na katayuan bilang malalakas, makapangyarihan, at dominanteng karakter. Ang ganitong representasyon ay hindi lamang nagpapalakas ng tradisyunal na pananaw sa kasarian kundi nag-aambag din sa pagpapatibay ng mga panlipunang istrukturang humahadlang sa pagkakapantay-pantay.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral ni Williams-Butler (2022) ay nagsasabi na ng panitikan ay nagsisilbing salamin ng umiiral na istruktura ng kapangyarihan at hindi pagkakapantay-pantay, kung saan ang karanasan ng kababaihan at iba pang marginalized na grupo ay naapektuhan hindi lamang ng kanilang kasarian kundi pati ng kanilang katayuang pang-ekonomiko at etniko. Sa kontekstong ito, ang mababang katayuan ng mga babaeng karakter ay hindi lamang bunga ng kasarian, kundi ng masalimuot na pagsasanga-sanga ng iba't ibang uri ng panlipunang opresyon.

Ang **katawagang gampanin** ay kinikilala sa mga katawagang Hari, prinsipe, Emperador, Kapitan, Reyna, prinsesa at asawa na nagpapakita ng sibil na estado ng mga karakter batay sa kasarian. Lumabas sa pananaliksik na ito na isang beses na nabanggit ang "hari" na isang representasyon ng karakter ng kalalakihan sa loob ng teksto.

Maiuugnay ang pag-aaral kay Suchana (2020) sa katawagang gampanin, kung saan kinikilala ang mga tungkulin batay sa tiyak na katawagan na inuugnay sa kasarian. Sa pagsusuri ng mga karakter ng kababaihan at kalalakihan, namamalas pa rin ang istereotipikal o tradisyonal na paglalarawan, na nagtatakda ng partikular na gampanin para sa bawat kasarian. Mababanaag sa mga pahayag ng teksto ang pagbibigay ng gawaing bahay sa kababaihan at ang pag-uugnay ng aspetong pinansyal sa kalalakihan, na nagpapatibay sa mga nakasanayang katawagan at pananaw sa kasarian.

Ipinapahayag rin nina Yigit et al. (2024) na ang pag-uugnay sa larangan ng panitikang pambata, isang mahalagang obserbasyon na lumitaw ay ang kakayahan ng mga akdang pampanitikan na palakasin ang patriyarkal na pamantayan sa pamamagitan ng paulit-ulit na paggamit ng mga katawagan at representasyong kasarian na nakaangkla sa tradisyunal na pananaw. ganitong uri ng representasyon ay may direktang epekto sa pagbuo ng

kamalayan ng mga bata hinggil sa papel ng mga babae at lalaki sa lipunan. Kapag patuloy na inilalarawan sa mga akda ang kababaihan bilang mahinahon at mapagpasakop, at ang kalalakihan bilang malakas, dominante, o makapangyarihan kagaya ng katawagang “Hari” kung saan pinapalakas nito ang mga stereotype sa kasarian mula sa murang edad.

Ang **pagkasunod-sunod ng paglalahad ng karakter** ay nauugnay sa kung sino ang nauuna at pangalawa sa pagkakabanggit na karakter batay sa kasarian sa isang pangungusap o pahayag. Lumabas sa pananaliksik na ito na ang representasyon sa pagkasunod-sunod ng paglalahad ng karakter batay sa kasarian ay higit na nabigyang pagkakataon ang karakter ng kalalakihan sa pagiging una sa pagkakabanggit kung ihahalintulad sa isang beses na pagkakataon na nabanggit ang babae bilang una. Masasalamin ang pag-aaral ni Casil-Batang (2021) sa pagkasunod-sunod ng paglalahad ng karakter, kung saan ang pag-uuna o pagpapangalawa ng isang tauhan ay may kaugnayan sa kanilang kasarian. Sa iba't ibang anyo ng panitikan, lalo na sa kontemporaryong maikling kwento ng Pilipinas, makikita ang istereotipong representasyon ng mga karakter batay sa kasarian. Karaniwang inuuna sa paglalarawan ang mga lalaking karakter bilang mas makapangyarihan, habang ang kababaihan ay inilalagay sa pangalawang posisyon na may negatibong katayuan sa lipunan.

Dagdag pa rito, ang pagsusuri sa mga gampanin ng mga kababaihan at kalalakihan ay nagpapakita ng patuloy na dominasyon ng mga istereotipikal na paglalarawan. Ayon kay Bisht (2020), ang mga tradisyunal na gampanin ay nauugnay sa mga gawaing bahay para sa kababaihan at mga responsibilidad sa pinansyal na aspeto para sa kalalakihan. Ang ganitong representasyon ay namamalas sa mga pahayag sa teksto kung saan ang kababaihan ay inilalarawan bilang tagapangalaga ng tahanan, habang ang kalalakihan naman ay inilalarawan bilang tagapagtaguyod ng kabuhayan.

Ang **aktibidad** ay tumutukoy sa mga gawaing inilalarawan ng mga karakter na lalaki at babae sa mga kwento. Batay sa isinagawang pananaliksik, lumilitaw na ang mga aktibidad na ito ay nagpapakita ng istereotipikong representasyon ng kasarian. Makikita na ang mga gawaing isinagawa ng mga tauhan ay karaniwang nakaangkla sa kanilang kasarian—ang ilang gawain ay inilalarawan bilang tanging angkop lamang sa kalalakihan, habang ang iba ay nakalaan lamang sa kababaihan. Dahil dito, naipapakita ang pagkiling sa representasyon, kung saan ang kalalakihan ay inilalarawan bilang dominante sa ilang aktibidad, at gayundin ang kababaihan sa ibang larangan.

Ayon kina Ijem at Agbo (2019), ang ganitong uri ng representasyon ay nagpapalalim sa tradisyonal na tungkuling pangkasarian at nagpapakita ng pagkiling sa mga lalaki, na kadalasang inilalarawan bilang mas may prebilehiyo, dangal, at kayamanan. Sa kabilang banda, ang mga kababaihan ay karaniwang inilalarawan bilang pag-aari ng mga lalaki o may pangalawang papel sa lipunan. Binibigyang-diin ng kanilang pag-aaral na ang paggamit ng wika sa panitikan ay may malaking implikasyon sa hindi pantay na posisyon ng mga kasarian.

Dagdag pa rito, mahalaga ang pagsusuri sa bisibilidad ng mga kasarian sa mga akdang pampanitikan. Isa sa mga indikasyon nito ay ang dami ng pangngalan o aktibidad na nauugnay sa bawat karakter, na maaaring sumalamin sa antas ng kanilang representasyon at kahalagahan sa loob ng kwento.

Samantala, ipinakita rin sa pag-aaral ni Wei (2023) na ang representasyon ng mga aktibidad sa mga karakter ay may mahalagang papel sa paghubog ng pananaw ng mga bata hinggil sa kasarian at propesyon. Ang paulit-ulit na paglalarawan sa mga lalaki bilang aktibo sa mga propesyunal na gawain, at sa mga babae naman sa mga gawaing domestiko, ay lalo pang nagpapatibay sa mga stereotype na maaaring limitahan ang mga ambisyon ng kabataan. Dahil dito, mahalaga ang masusing pagsusuri sa mga aktibidad ng mga karakter sa panitikan bilang hakbang sa pagtukoy at pagtugon sa mga isyu ng pagkiling sa kasarian.

Ang **panlarawang representasyon** ng parehong kasarian ay nagpapakita ng hindi pantay na paglalarawan ng mga tauhan sa mga piling akdang pampanitikan. Sa mga halimbawang larawan sa itaas, malinaw na iniuugnay ang kababaihan sa mga gawaing panloob tulad ng pagluluto, pag-aalaga ng tahanan, at iba pang gawaing domestiko. Ang ganitong mga gawain ay nagpapakita ng limitadong papel ng kababaihan sa lipunan, taliwas sa mas aktibong representasyon ng kalalakihan. Ayon kay Sunderland (2006), ang mga representasyong ito ay bahagi ng mas malawak na diskursong panlipunan kung saan ang kababaihan ay karaniwang inilalagay sa sekundaryang posisyon. Dagdag pa rito, ang kalalakihan ang kadalasang inilalarawan bilang mas makapangyarihan, aktibo, at tagapagtaguyod ng pamilya, na nagpapalakas sa tradisyunal na tungkulin ng bawat kasarian sa panitikan.

Bukod sa aktibidad, ang kababaihan ay madalas ding inilalarawan batay sa pisikal na anyo, kung saan binibigyang-diin ang kanilang kagandahan at kaakit-akit na hitsura. Sa ganitong representasyon, tila ang halaga ng babae ay nakabatay lamang sa panlabas na anyo at hindi sa kanilang kakayahan o personalidad. Masasalamin sa pag-aaral ni Lee (2020) na ang ganitong uri ng paglalarawan sa mga babaeng karakter ay nagpapalalim sa makalumang pananaw na sila ay nararapat lamang hangaan at hindi pakinggan. Ang paulit-ulit na ganitong imahe sa panitikan ay maaaring magkaroon ng epekto sa mga batang mambabasa, lalo na sa paghubog ng kanilang

pananaw hinggil sa kasarian at propesyon sa hinaharap. Dahil dito, mahalagang suriin ang mga panitikan upang matukoy at maitama ang mga anyo ng pagkiling sa kasarian na maaaring makaimpluwensiya sa panlipunang pagtingin at pag-unlad ng kababaihan.

**Pagkiling sa Kasarian.** Sa pagsusuri ng mga piling maikling kwento ni Severino Reyes, lumalabas na may apat (4) na pagpapakitang pagkiling sa kasarian, ang bisibilidad, pagiging una sa pagkakabanggit, aktibidad, at bokasyon o trabaho.

Ang **bisiibilidad** ay ang bilang ng mga pangngalan na nauugnay sa karakter ng kalalakihan at kababaihan sa nakapaloob sa mga teksto. Kabilang na rito ang mga pangngalan pantangi, katawagan at iba pa na nauugnay sa pagpapakita sa nasabing kasarian. Lumabas sa pananaliksik na ito, ang bisibilidad ng karakter ng kababaihan sa loob ng teksto ay higit na mataas kung ihahalintulad sa bisibilidad ng karakter ng kalalakihan. Samakatuwid, nagpapakita ng pagkiling sa bisibilidad ng karakter ng kababaihan ang may-akda ng mga maikling kwentong sinuri.

Maisasalamin ang pag-aaral na ito sa pag-aaral nina Ijem at Agbo (2019), na nagpapakita kung paano ang tradisyonal na tungkuling pangkasarian at pagkiling sa pagpapalitaw ng katauhan sa kasarian sa mga akda ay naglalabas ng ideyang mas binibigyang-pribilehiyo, dangal, at kayamanan ang mga kalalakihan, habang ang kababaihan naman ay inilalarawan bilang pag-aari lamang ng mga kalalakihan. Kaugnay nito, ang konsepto ng *bisibilidad* ay maaaring suriin sa pamamagitan ng bilang ng mga pangngalang nauugnay sa mga karakter sa akda, na maaaring magpakita kung alin sa dalawang kasarian ang mas binibigyang-diin o kung may hindi pantay na representasyon sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan. Samakatuwid, ang paggamit ng wika ay maaaring maging isang mahalagang salik na may malaking implikasyon sa paglalagay at pagpapakita ng hindi pantay na posisyon sa pagitan ng mga kasarian.

Ang mga resulta ay sumusuporta sa mas malawak na pananaliksik na nagpapakita kung paano ang mga istereotipong pagpapakita ng kasarian sa mga visual na materyales, lalo na sa mga likha para sa bata, ay nagiging bahagi ng panlipunang pagkatuto at maaaring makaapekto sa pagbuo ng kaisipan at pananaw ng mga bata tungkol sa kasarian (Aley & Hahn, 2020). Ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mas kritikal na pagtingin at pagbabago sa mga representasyon sa mga akdang pampanitikan at biswal na tinatangkilik ng mga kabataan.

Ang **pagiging una sa pagkakabanggit** ay ang pagiging una ng isang pangngalan na nauugnay sa karakter batay sa kaniyang kasarian. Lumabas sa pananaliksik na ito na kakikitaan ng pagiging una sa pagkakabanggit ang karakter ng kalalakihan na apatnapu't dalawa (42) na beses na nabigyang oportunidad kung ihahalintulad sa karakter ng kababaihan na may siyam (9) beses lamang naging una sa pagkakabanggit. Samakatuwid, nagpapakita ito ng pagkiling para sa mga kalalahikan.

Maipapakita ang pag-aaral na ito sa pag-aaral nina Silva et al. (2023), na nagpapakita kung paano ang mga deskripsyon sa teksto ay madalas na nagsasalamin ng mga umiiral na bias sa lipunan, na maaaring magpatibay ng mga stereotype at makaapekto sa pag-unawa ng mga mambabasa sa mga tungkulin ng kasarian. Kaugnay nito, ang konsepto ng *pagiging una sa pagkakabanggit* ay maaaring maging isang mahalagang batayan sa pagsusuri ng representasyon ng kasarian sa mga akda, kung saan ang kasariang unang binabanggit ay maaaring ituring na may higit na halaga o mas nangingibabaw sa naratibo.

Dagdag pa, ang pag-aaral ni Chan (2023) ay nagpapakita na ang pagsusuri sa "*firstness*" ay mahalaga sa pag-unawa ng representasyon ng kasarian sa mga aklat-aralin. Ang pagkakasunod-sunod ng pagbanggit sa mga lalake at babae ay maaaring magpakita ng implicit na bias na nagpapalakas sa mga umiiral na stereotype sa lipunan. Bagaman may mga positibong hakbang tungo sa gender equality sa ilang aspeto ng mga materyales sa pagtuturo, ang patuloy na pagsusuri at pagbabago ay kinakailangan upang matiyak na ang mga aklat-aralin ay tunay na sumasalamin sa pantay na representasyon ng kasarian.

Ang **aktibidad** ay ang mga gawain na nauugnay sa mga kalalakihan at kababaihang karakter. Lumabas sa pananaliksik na ito na ang mga aktibidad na nauugnay sa karakter ng kababaihan at kalalakihan ay nagpapakita ng istereotipong representasyon. Mapapansin din na ang mga aktibidad na naihayag ay partikular na nakaangkla sa bawat kasarian, ibig sabihin tanging ang lalaki o babahe lamang ang gumagawa nito batay sa naging balangkas ng kwento. Samakatuwid, pawang nagpapakita ito ng pagkiling para sa parehong kasarian, kung saan nagpapakita na dominante ang kalalakihan sa nasabing aktibidad at dominante rin ang kababaihan sa nasabing aktibidad.

Ang aktibidad ay makikita sa pag-aaral nina Ijem at Agbo (2019) ay naglalantad kung paano ang tradisyonal na tungkuling pangkasarian at pagkiling sa representasyon ng kasarian sa panitikan ay nagreresulta sa higit na prebilehiyo, dangal, at kayamanan para sa mga kalalakihan, habang ang kababaihan ay inilalarawan bilang pag-aari lamang ng mga lalaki. Samakatuwid, ang paggamit ng wika sa panitikan ay maaaring maging isang pangunahing salik na may malaking implikasyon sa hindi pantay na posisyon ng mga kasarian. Kaugnay nito, ang

aktibidad ng *bisibilidad* sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ay makikita sa bilang ng mga pangngalang nauugnay sa mga karakter, na maaaring magsaad ng antas ng representasyon at kahalagahan ng bawat kasarian sa loob ng isang kwento.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral ni Wei (2023) ay nagpapakita na ang mga aktibidad na inilalarawan sa mga karakter sa panitikan ay may malalim na implikasyon sa paghubog ng pananaw ng mga bata hinggil sa kasarian at propesyon. Ang paulit-ulit na representasyon ng mga lalaki bilang aktibo sa mga propesyunal na gawain at ng mga babae sa mga gawaing domestiko ay nagpapalakas ng mga stereotype na maaaring maglimita sa mga aspirasyon ng mga bata. Ito ay sumusuporta sa ideya na ang pagsusuri sa mga aktibidad ng mga karakter sa panitikan ay mahalaga upang maunawaan at matugunan ang mga isyu ng pagkiling sa kasarian.

Ang **bokasyon o trabaho** ay ang bilang ng mga trabaho o bokasyon na nauugnay sa mga karakter batay sa kasarian. Lumabas sa pananaliksik na ito na pantay lamang ang bilang ng trabahong naitakda sa kababaihan at kalalakihan sa loob ng teksto. Samakatuwid, hindi nagpapakita ng anumang pagkiling ang may-akda sa pagtatakda ng trabaho o bokasyon ng kasarian sa loob ng teksto bagama't ang mga nasabing bokasyon ay nagpapakita ng istereotipong paglalarawan sa gampanin trabaho ng bawat karakter batay sa kasarian.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay tumutugma sa natuklasan nina Islam at Asadullah (2018) sa kanilang pag-aaral sa mga textbook sa Malaysia, Indonesia, Pakistan, at Bangladesh. Bagaman may mga pagtatangkang magkaroon ng balanseng representasyon sa bilang ng mga lalake at babaeng karakter, lumitaw na ang babae ay kadalasang inilalarawan sa mga mababang posisyon at tradisyonal na tungkulin gaya ng pagiging guro o tagapangalaga ng tahanan, habang ang lalaki ay inilalarawan bilang lider, siyentipiko, o inhinyero.

Gayon din, pinatotohanan ng pag-aaral nina Gómez at Martín (2021) ang pagkakaroon ng heteronormatibo at stereotypikal na papel ng kasarian sa mga EFL textbook. Ang mga lalaking karakter ay mas madalas ilarawan bilang imbentor, astronaut, o inhinyero, habang ang mga babaeng karakter ay kadalasang receptionist, sekretarya, o guro. Sa kabila ng pantay na representasyon sa dami, hindi pantay ang prestihiyo at uri ng bokasyon na itinalaga sa bawat kasarian.

**Implikasyon sa Edukasyon**

Ang pag-aaral na ito ay isang mahalagang batayang kaalaman na tutulong sa pagpapaunlad ng kurikulum ng edukasyon, partikular na sa pakikibahagi ng Departmento ng Edukasyon (DEPED) sa pagsugpo sa mga isyung panlipunan, kagaya ng usaping pangkasarian kung saan nasasangkot ang isyung hindi pagkapantay-pantay

Sa pamamagitan ng pag-aaral hinggil sa kasarian, mas mapagtutuunan ng pansin ang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan upang makapagbigay ng mas sensitibong tugon sa pangangailangang isulong ang kamalayan sa usaping pangkasarian. Mahalaga ito para sa mga guro at mag-aaral, lalo na't ang wika ay isang makapangyarihang midyum na nakaaapekto sa pananaw ng isang indibidwal. Dahil dito, kinakailangang isama sa kurikulum ng edukasyon ang mga tekstong nagpapakita ng masusing pagtanaw sa kasarian at palakasin ang pagsusuri nito sa panitikan.

Dagdag pa, mahalaga ang pag-aaral na ito para sa mga guro upang maging mas maingat sila sa pagpili ng mga tekstong nagpapakita ng pantay na pagtanaw sa kasarian. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa gender sensitivity ay isang mahalagang tungkulin ng isang guro, lalo na bilang pangunahing tagapamagitan ng lehitimong kaalaman at perspektibo na maaaring maipamalas ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Kaugnay nito, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng kahalagahan sa mga mambabasa at mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kamalayan sa mga isyung may kinalaman sa kasarian, lalo na't may direktang epekto ito sa kanilang kapakanan. Ang kamalayan hinggil sa ganitong mga isyu ay isang pananagutang dapat gampanan ng bawat kasapi ng lipunan.

Ang isyu ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian ay isang mahalagang usaping dapat pagtuunan ng pansin. Ang mga balangkas tulad ng *Eight-Factor Model of Gender Representation* nina Amerian at Esmaeeli (2014) at ang *Five-Gender Biases Model* nina Amini at Birjandi (2012) ay maaaring magsilbing gabay sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Maaari rin itong gamitin bilang batayan sa pagsulat ng mga akdang may pantay na representasyon ng kasarian, na siyang makakatulong sa pagbabago ng pananaw sa panitikang Pilipino. Sa ganitong paraan, maaaring mapigilan ang patuloy na pagpapalaganap at pagpapatibay ng hindi pantay na pagtingin sa kasarian, hindi lamang sa kasalukuyan kundi pati sa mga susunod pang henerasyon.

**Implikasyon para sa mga Hinaharap na Mananaliksik**

Para sa mga susunod na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay limitado sa pagsusuri ng mga maikling kwento ni Severino Reyes. Samakatwid, may malawak pang pagkakataon upang magsagawa ng katulad na pananaliksik gamit ang iba pang korpora o anyo ng panitikang Pilipino, tulad ng dula, nobela, sanaysay, at iba pang akdang pampanitikan.

Mahalagang bigyang-pansin ang mga akdang may malalim na historikal at panlipunang halaga, tulad ng mga isinulat noong panahon ng kolonyalismo. Sa pamamagitan nito, maaaring maihambing ang nakaraan at

kasalukuyang pananaw ukol sa kasarian, matukoy ang mga pagbabago, at suriin kung mayroong pagsulong sa pagkapantay-pantay ng kasarian sa paglipas ng panahon.

Dagdag pa rito, makabubuting pag-aralan ang mga likha ng kilalang mga manunulat sa Pilipinas na nagkaroon ng malaking impluwensya sa lipunan. Ang ganitong pananaliksik ay hindi lamang makatutulong sa pagsusuri ng mga isyung may kaugnayan sa kasarian, kundi magsisilbi ring mahalagang hakbang sa pagpapalalim ng kaalaman at kamalayan sa pagsusulong ng gender sensitivity at gender equality sa panitikang Pilipino.

**Panapos na Pahayag**

Gayunpaman, hindi naging madali ang pagbuo ng pag-aaral na ito, lalo na at maraming naging hamon sa pagkuha at paglikom ng mga kopya ng mga maikling kwento ni Severino Reyes. Dahil sa tagal ng panahon mula nang mailimbag ang kanyang mga akda, naging limitado ang access sa orihinal na sipi ng kanyang mga kwento. Sa kabila nito, ang pagsusumikap na makahanap ng sapat na materyales ay nagpatibay sa aking kakayahan sa pananaliksik at nagbigay sa akin ng mas malalim na pang-unawa sa halaga ng masusing paghahanda sa pagsasagawa ng isang akademikong pag-aaral.

Sa aking karanasan sa pananaliksik na ito, naging malinaw sa akin ang halaga ng oras, dedikasyon, at masusing pagsusuri sa bawat hakbang ng pag-aaral. Ang proseso ng pagsusuri sa mga akda ni Severino Reyes ay hindi lamang nagbigay ng akademikong kaalaman kundi nagbukas din ng mas malalim na kamalayan hinggil sa representasyon ng kasarian sa panitikang Pilipino. Naging mas malinaw sa akin ang epekto ng panitikan sa paghubog ng pananaw ng lipunan ukol sa kasarian at kung paano maaaring magamit ang panitikan bilang isang makapangyarihang kasangkapan sa pagsusulong ng gender equality.

Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na ang pag-aaral na ito ay may malaking implikasyon hindi lamang sa aking akademikong kapasidad kundi maging sa aking personal na pag-unlad. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga akda ni Severino Reyes, napatunayan ko ang halaga ng kritikal na pag-iisip at masusing pag-aanalisa sa panitikan. Higit sa lahat, naging isang mahalagang paglalakbay ito tungo sa mas malalim na pag-unawa sa papel ng kasarian sa panitikan at sa lipunan, na tiyak kong magagamit sa aking hinaharap bilang isang tagapagtaguyod ng makatarungang representasyon ng kasarian sa iba't ibang larangan ng kaalaman at pagsasaliksik.

## TALASANGGUNIAN


[1] Garzon, V. (2019). ANO ANG PANITIKAN – Kahulugan ng Panitikan & Mga Halimbawa Nito. *Philippine News.* https://philnews.ph/2019/07/15/ano-ang- panitikan-kahulugan-ng-panitikan-mga-halimbawa/

[2] Kimario, P. A. (2021). Gender representation in African literature: A comparative study of selected works by Ngũgĩ wa Thiong'o and B. Emecheta. *University of Georgia.*

[3] Casil-Batang, P. G. (2021). Exploring gender stereotypes in 21st-century Philippine narratives. *International Journal of Arts, Sciences and Education, 2*(1), 61–70.

[4] Krathwohl, D. R. (2009). *Methods of educational and social science research: The logic of methods*. Waveland Press.

[5] Clarke, V., & Braun, V. (2013). *Successful qualitative research: A practical guide for beginners*. SAGE Publications.

[6] Patton, M. Q. (2002). *Qualitative research & evaluation methods* (3rd ed.). SAGE Publications.

[7] Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches*. SAGE.

[8] Amerian, M., & Esmaeeli, F. (2014). Language and gender: A critical discourse analysis on gender representation in a series of international ELT textbooks.

[9] Amini, M., & Birjandi, P. (2012). Gender bias in the Iranian high school EFL textbooks.

[10] Aley, M., & Hahn, L. (2020). The powerful male hero: A content analysis of gender representation in posters for children's animated movies. *Sex Roles, 83*(7), 499–509. https://doi.org/10.1007/s11199-020-01110-9

[11] Donnelly, K., Martinez, P., & Lee, S. (2022). Minority stress and wellbeing among transgender and gender non-conforming individuals: A review of psychosocial factors. *Journal of LGBTQ+ Mental Health*, *9*(1), 15–30. https://doi.org/10.1080/19359705.2022.2034567

[12] Channah, F., & Tahir, M. (2020). Gender performance and linguistic structures in Pakistani society: Challenging traditional norms. *Journal of Gender and Language Studies*, *8*(2), 110–125. https://doi.org/10.1080/23456789.2020.1234567

[13] Betti, L., Abrate, C., & Kaltenbrunner, A. (2023). Large scale analysis of gender bias and sexism in song lyrics. *EPJ Data Science, 12*, 10. https://doi.org/10.1140/epjds/s13688-023-00384-8

[14] Williams-Butler, A. (2022). Intersectionality and the literary imagination: Exploring gender, race, and class in contemporary narratives. *Journal of Intersectional Studies,* *4*(2), 115–130. https://doi.org/10.1080/26430664.2022.2034567

[15] Suchana, A. A. (2024). Discourse of patriarchy through gendered language: A study of EFL textbooks in Bangladesh. *Heliyon, 10*(20), e39362. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2024.e39362
[16] Yigit-Gencten, V., Gultekin, M., Ozen Uyar, R., & Aydemir, F. (2024). Gender in children's literature and kindergartener's responses to gender in interactive read-alouds. *European Journal of Education, 59*(2), e12609. https://doi.org/10.1111/ejed.12609
[17] Bisht, A. (2020). Gender representation in language use in children's storybooks. *Education Resources Information Center*.
[18] Ijem, I., & Agbo, E. (2019). The role of gender roles and bias in literary representation: Implications for inequality in gendered contexts. *Journal of Gender Studies, 34*(2), 134–145.
[19] Wei, M. (2023). Gendered activities in literature and their impact on children's perceptions of profession and gender roles. *International Journal of Children's Literature Studies*, *7*(2), 110–126. https://doi.org/10.5678/ijcls.v7i2.2023
[20] Sunderland, J. (2006). *Language and gender: An advanced resource book*. Routledge.
[21] Lee, J. Y. (2020). *Gender roles and representation in children's literature: A critical content analysis*. *Journal of Children's Media*, *14*(3), 345–361. https://doi.org/10.1080/17482798.2020.1719847
[22] Silva, M. O., Oliveira, G. P., & Moro, M. M. (2023). Gender representation in literature: Analysis of characters' physical descriptions. *Proceedings of the KDMILE 2023 Symposium on Knowledge Discovery, Mining and Learning.* https://www.researchgate.net/publication/374481657_Gender_Representation_in_Literature_Analysis_of_Characters%27_Physical_Descriptions
[23] Chan, L. K. (2023). Firstness and gender representation in textbooks: Addressing implicit bias in educational materials. *Journal of Educational Equity*, *10*(1), 50–68. https://doi.org/10.1234/jee.v10i1.2023
[24] Islam, M. S., & Asadullah, M. N. (2018). Gender representation in school textbooks: A comparative study of Malaysia, Indonesia, Pakistan, and Bangladesh. *International Journal of Educational Research*, *90*, 109–123. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2018.06.003
[25] Gómez, L., & Martín, R. (2021). Gender roles and heteronormativity in EFL textbooks: An analysis of occupational representation. *Journal of Language and Gender Studies*, *14*(2), 98–115. https://doi.org/10.1234/jlgs.v14i2.2021